

Limang Panuntunan para sa Ligtas na Paggamit ng Bisikleta

Philippines
Tagalog

フィリピンタガログ語

自転車安全利用五則

Ang mga bisikleta ay napaka-maginhawang sasakyan at ginagamit ng mga tao sa iba't ibang edad, ngunit ang paglabag sa mga patakaran ng mga nakasakay sa bisikleta ay naging isang malaking problema.



Ang “**Limang Panuntunan para sa Ligtas na Paggamit ng Bisikleta**” ay ang pinakamahalagang tuntunin na dapat sundin kapag nagbibisikleta.

1 Bilang pangkalahatang tuntunin, manatili sa kaliwang bahagi ng kalsada, maliban sa sidewalk na nagbibigay ng prioridad sa mga pedestrian

車道が原則、左側を通行 歩道は例外、歩行者を優先

Ang bisikleta ay isang sasakyan. Magmaneho sa kaliwang bahagi ng kalsada.

Maaaring dumaan sa sidewalk kung saan may karatula o marka ang sidewalk na nagsasabing “Maaaring dumaan ang mga normal na bisikleta sa sidewalk”. Gayunpaman, kapag dadaan sa sidewalk, magmaneho nang dahan-dahan malapit sa kalsada, at pansamantalang huminto upang hindi mahadlangan ang pagdaan ng mga pedestrian.



2 Sundin ang mga traffic lights at huminto sa mga intersection upang matiyak ang kaligtasan

交差点では信号と一時停止を守って、安全確認

Sundin ang mga traffic lights.

Siguraduhing huminto sa mga intersection na may mga stop sign at suriin para sa kaligtasan.



Miyazaki Prefectural Police


宮崎県警察

3

Buksan ang mga ilaw sa gabi

夜間はライトを点灯

Ang pagsakay nang walang ilaw ay lubhang mapanganib dahil mahirap para sa iba na makita ang iyong bisikleta. Sumakay sa iyong bisikleta nang nakabukas ang mga ilaw at reflective gear sa gabi.



4

Ipinagbabawal ang pagmamaneho ng lasing

飲酒運転は禁止

Ang bisikleta ay isang sasakyan. Tulad ng pagmamaneho ng kotse, ipinagbabawal ang pagmamaneho ng lasing. Tandaan na ang pagmamaneho habang hungover ay itinuturing din na pagmamaneho ng lasing.



5

Magsuot ng helmet

ヘルメットを着用

Sa isang aksidente sa trapiko, ang pagsusuot ng helmet ay mababawasan ang pinsala sa iyong ulo. Ang mga matatanda at bata ay dapat magsuot ng helmet kapag nagbibisikleta.



Kung naaksidente ka sa trapiko...

交通事故にあっってしまったら...

- Tiyakin ang kaligtasan ng iyong sarili at ng iba.
- Kung may nasugatan, tumawag sa **119** at tumawag **ng ambulansya**.
- Kahit na walang nasugatan, tumawag sa **110** at paki-iulat **ang mga detalye ng aksidente sa pulisya**.



Mayroon ka bang bicycle insurance?

自転車保険に加入していますか？

Ayon sa mga regulasyon ng Miyazaki Prefecture, **ang bicycle insurance ay kinakailangan**. Kumuha ng insurance upang protektahan ang iyong sarili at ang iba.



Miyazaki Prefectural Police

宮崎県警察